## KASAYSAYAN NG MAHAL NA SEÑOR MULTIPURPOSE COOPERATIVE

Ang Mahal na Señor Multipurpose Cooperative ay naitatag sa3 pamumuno ni Punong Barangay Froilan R. Angeles upang maitaas ang kalagayang pangkabuhayan ng mga mamamayan tungo sa maunlad na pamumuhay. Naitala ito sa Cooperative Development Authority na may Registration No.: PGA-5131 noong October 19, 2004 (RA 6938) matapos ang Pre-Membership Education Seminar sa pangunguna ni G. Benefico Blones – CDA Specialist II noong Oktubre 23, 2003 na dinaluhan ng 75 mamamayang ng Barangay Saog at nakabuo ng Lupon ng Patnugutan at 17 cooperators na nagkaisang magbigay ng saping puhunan (share capital) na Apat na libong Piso (P4,000.00). Itinalaga si Gng. Stella V. Angeles bilang Tagapamahala ng Mahal na Señor Multipurpose Cooperative. Ang mga sumusunod ang naging kauna-unahang Lupon ng Patnugutan at 17 Cooperators ng ating Kooperatiba:

**LUPON NG PATNUGUTAN**

Froilan R. Angeles - Tagapangulo
Rolando Varilla - Pang. Tagapangulo
Donata Conquilla - Direktor
Consolacion de Vera - Direktor
Erlinda Miranda - Direktor
Laura Salvador - Direktor
Ruth Richter - Direktor

**17 COOPERATORS**

Froilan R. Angeles
Rolando Varilla
Herminia J. Rey
Narciso M. Perona
Laura Salvador
Donata Conquilla
Consolacion de Vera
Ruth Richter
Erlinda Miranda
Elena Malazarte
Maura Marzan
Fedelina Eusebio
Richard Gold Ngan
Luisa Paraiso
Ma. Isabel SM. Fernando
Emma Cruz
Francisca San Jose

Dahilan sa pagbabago ng batas ng Cooperative Code of the Philippines mula sa RA 6938 to RA 9520 ay kinailangang magbitiw ang Tagapangulo Froilan R. Angeles na nakasaad sa Chapter III Art. 27 si Gng. Luisa F. Paraiso ang naging pansamantalang Tagapangulo.

November 19, 2009 ng mapagkalooban ng New Certificate of Registration No.: 9520-03002873 and CIN No.: CIN-0106030516 ang ating Kooperatiba at mula noon hanggang ngayon ay patuloy na kaagapay ng mga kasapi sa kanilang pangangailangang pangkooperatiba.

---

1. **g**

**SINO ANG NAGMAMAY-ARI AT MAY KAPANGYARIHAN SA PAGPAPATAKBO NG KOOPERATIBA?**

Ang Kooperatiba ay pag-aari ng lahat ng mga kasapi. Ang *General Assembly* ang may huling pagpapasya sa mga mahahalagang bagay na may kinalaman sa pagpapatakbo ng Kooperatiba.

**ANO ANG ANNUAL GENERAL ASSEMBLY O TAUNANG PANGKALAHATANG PAGPUPULONG?**

Ito ang taunang pagtitipon ng mga kasapi ng Kooperatiba kung saan nagagamit nila ang kanilang karapatan sa pagpapasya sa mga mahalagang bagay na may kaugnayan sa pagpapatakbo o pamamahala ng Kooperatiba. Ginaganap ito minsan isang taon sa lugar at petsa na pagpapasyahan ng Lupong Patnugutan.

**SINU-SINO ANG NAMAMAHALA SA KOOPERATIBA?**

1. LUPONG PATNUGUTAN *(Board of Directors)* - ang lupong nangangasiwa sa pangkalahatang kaayusan at bumabalangkas ng mga alituntunin para sa ikauunlad ng Kooperatiba.
2. LUPON SA PAGPAPAUTANG *(Credit Committee)* – Ang lupong itinalaga ng Lupong Patnugutan para maipatupad ang mga alituntunin sa pagpapautang na kanilang pinagtibay. Sila rin ang sumusuri sa kakayahan sa pagbabayad ng mga kasapi. Ito ay may tatlong ( 3 ) kasapi na hinihirang ng Lupong Patnugutan

**SINO ANG MAARING SUMAPI SA MNSMPC?**

Ang mga uri ang Kasapian sa MNSMPC:

*A.* BILANG *REGULAR MEMBER*
1. Naninirahan sa Marilao, Bulacan.
2. May gulang na 18 – 60 taong gulang may kakayahang makapagkontrata nang naaayon sa batas at may pinagkakakitaan.
3. May pirmihang hanapbuhay o pinagkakakitaan

B. BILANG ASSOCIATE MEMBER
1. May edad na 17 pababa hanggang 60 taung gulang
2. Maaring mag-impok o mamuhunan sa ating Kooperatiba.

**PAANO ANG PAGSAPI SA MNSMPC?**

1. Dumalo sa *Pre-Membership Seminar (PMES)* na ginaganap tuwing ikalawang ( 2 ) Sabado ng buwan ika 9:00 ng umaga sa tanggapan ng Mahal na Señor Multipurpose Cooperative..
2. Lumagda sa application for Membership Form at mag-submit ng mga sumusunod:
   a. Valid ID's (2)
   b. Proof of Billing
   c. Community Tax Certificate/TIN
   d. 2 x 2 picture
3. Magbayad ng Membership Fee na Isang daan Piso (P 100.00) at minimum Share Capital na apat na Libong Piso (P 4,000.00).

**ANU-ANO ANG MGA TUNGKULIN NG MGA KASAPI?**

1. Dumalo sa *General Assembly* na ginaganap minsan sa isang taon;
2. Magbayad ng utang sa takdang panahon at patuloy na mag-impok;
3. Panagutan ang pagkakautang sa Kooperatiba kabilang ang pananagutan sa pagiging *Co-maker;*
4. Maghalal ng mga opisyal na mabubuti, tapat, maaasahan at may panahong maglingkod sa samahan;
5. Mag-anyaya ng iba pang maaaring maging mabubuting kasapi;
6. Makiisa sa mga pag-aaral tungkol sa ikauunlad ng Kooperatiba.
7. Maghulog ng palagian sa Share Capital o Saping Puhunan.

**ANU-ANO ANG URI NG LAGAK SA KOOPERATIBA?**

1. SHARE CAPITAL – ito ang tinatawag na Saping Puhunan na hindi maaring ma-*withdraw* maliban kung magbibitiw na sa pagiging kasapi. Ang patubo sa lagak na ito ay batay sa kinikita ng Kooperatiba sa loob ng isang taon. Dito din ibinabatay ang halaga ng maaring mautang ng isang kasapi.
2. SAVINGS DEPOSIT ( o sariling pag-iimpok ) – Ito ang lagak na maaaring ma-*withdraw* anumang oras na bukas ang tanggapan. Ito ay kumikita ng tubong higit na mataas kaysa bigay ng bangko at walang *withholding tax.*
3. TIME DEPOSIT- Ito ay lagak na may takdang panahon bago ma-withdraw at higit na mataas ang patubo kaysa bangko at walang *withholding tax.* Maaaring gamitin itong *collateral* sa loan.

**ANU-ANO ANG MGA URI NG PAUTANG?**

1. CHARACTER LOAN – utang na ang panagot lamang ay ang pagkatao ng kasapi:
   - nakabatay sa Share Capital.
   - may 2 Co-makers.

a. BACK TO BACK LOAN
   - utang ang panagot ay ang Share Capital ng kasaping nangungutang.
   - utang na ang panagot ay Time Deposit

b. EMERGENCY LOAN – utang na ginagamit na pambayad sa ospital o pambili ng gamot.

c. EDUCATIONAL LOAN – utang na ginagamit na pangmatrikula sa paaralan na may *maximum* na P25,000.00 bawat estudyante isang *semester.*

d. MICRO-FINANCE LOAN – utang para sa mga maliliit na namumuhunan o nagnenegosyo.

e. SALARY LOAN – utang na maaring ma-*avail* ng mga empleyado, namumuno at ng *Management Staff* ng pampubliko at pribadong tanggapan.

f. CONSUMER LOAN – utang para sa pambili ng kagamitan o kasangkapan sa bahay/ pang travel at iba pa.

2. COLLATERIZED LOAN - utang na ang panagot ay titulo ng lupa. at iba pa.

❖ REGULAR COLL.LOAN – maximum 3 years term at hanggang sa P500,000.00.

❖ JEWELRY COLLATERAL LOAN – utang na ang panagot ay alahas..

❖ OVERNIGHT LOAN – maaring ma-avail ng mga kasaping may collateralized loan na may interest na 3% maximum of 10 days at Post Dated Check (PDC)

**PAANO AT KAILAN MAKAKAUTANG ANG MGA KASAPI?**

1. Ang Kasapi lamang ang maaring mangutang sa Kooperatiba.
2. Basahing mabuti at sagutin ang lahat ng mga katanungan sa Loan Application Form na makukuha sa tanggapan ng Mahal na Señor Multipurpose Cooperative.
3. Tuusin kung makakayanan ang takdang hulog sa utang ayon sa nakalagay sa loan application form.
4. Kumuha ng Dalawang (2) Co-Maker o Ka-ako at papirmahin sa Co-Maker's Statement Form.
5. Alamin at tiyakin kung kalian ibabalik ang sinagutang Loan *Application Form* para masimulan ang *Credit Investigation* at ang interview ng *Credit Committee* na magpapatibay sa pag-utang.

***ANU-ANO ANG IBINABAWAS SA INUUTANG NG ISANG KASAPI?***

❖ INTEREST – 2% kada buwan o 24% isang taon base sa halaga ng inuutang.

❖ SERVICE FEE – 3% ng halagang inuutang.

❖ CAPITAL BUILD-UP – 3% ng halagang inuutang na idinadagdag sa share capital ng kasaping umuutang.

❖ FILING FEES – P150.00 fixed rate applicable to salary loans only.

❖ INSURANCE – 1% ng halagang inuutang.

***BATAYAN SA PAGPAPASIYA NG CREDIT COMMITTEE***

1. *Character o katauhan ng Kasapi*
2. *Capacity to pay o kakayahang magbayad ng kasapi*
3. *Collateral o panagot sa utang*
4. *Credit standing o tala sa pagbabayad ng kasapi*
5. *Co-Makers/ Ka-ako (2)*

**PAANO ANG PAGBABAYAD NG UTANG?**

Ang pagbabayad ng utang ay buwanan *(monthly/lump sum amortization)* batay sa sistemang *straight line method*. Bilang kaluwagan sa kasapi, binibigyan siya ng 30 araw na palugit *(grace period )* sa Character Loan at labinlimang ( 15 ) araw naman sa Collateralized Loan, sa pagbabayad. May multang 1% na ipapataw kapag lumampas sa palugit na araw ng pagbabayad *(due date ).*

**MGA PRINSIPYO NG KOOPERATIBA**

1. Bukas at malayang kaisipan – hindi pinipilit ngunit sinusuri ang nais sumapi upang maging matagumpay ang samahan.
2. Demokratikong pamamahala – ang mga namamahala ay inihahalal ng mga kasaping may karapatang bumoto.
3. Walang pagtatangi – bawat kasapi ay may pantay na karapatan.
4. Paglilingkod sa mga kasapi – ang lahat ng patakaran at pagkilos ay nakatuon sa paglilingkod para sa ikauunlad ng mga kasapi at buong kilusan.
5. Pagbabahagi ng pag-unlad at pananagutan sa mga kasapi – ibinabahagi sa mga kasapi ang pag-unlad ng kooperatiba, gayundin ang kabiguang maaaring ibunga ng mga pagkilos.
6. Pagbuo sa katatagang pinansyal - ang pagbabalangkas ng mga programang magpapalago at magpapatatag sa pinansyal na kalagayan ng kilusan ay isinasaalang-alang sa paggawa ng mga patakaran.
7. Pakikiugnay sa iba pang kooperatiba – ang mga kooperatiba ay nagtutulungan at nagkakaugnay sa pamamagitan ng mga pederasyon at union.
8. Patuloy na pag-aaral – sa lahat ng larangan, ang susi ng tagumpay ay ang patuloy na pag-aaral.
9. Pananagutan sa komunidad – ang kooperatiba ay dapat nakikisangkot sa mga programa at pagkilos tungo sa pag-unlad ng pamayanan.

**"EARN AND SAVE THE COOPERATIVE WAY"**

**Office Hours: 9:00 AM – 5:00 PM**
**(Monday – Friday)**
**Saturday – 8:00 AM – 12:00 NN**

**Mahal na Señor Multipurpose Cooperative**
Unit A R.A. Ramos Apartment
27 M. Santiago Street, Saog, Marilao, Bulacan
Telephone No.: (044) 248.62.08
CDA – Reg. No.: 9520-03002873
CIN- 0106030516

PRI

**PAANO ANG PAGSAPI SA MNSMPC?**

- **Dumalo sa Pre-Membership Education Seminar *(PMES)* na ginaganap tuwing ikalawang ( 2 ) Sabado ng buwan ika 9:00 ng umaga sa tanggapan ng Mahal na Señor Multipurpose Cooperative.**
- **Lumagda sa application for Membership Form at mag-submit ng mga sumusunod:**
  - ***a.*** Valid ID's (2)
  - ***b.*** Proof of Billing
  - ***c.*** CTC/TIN No.
  - ***d.*** 2 x 2 picture
- **Magbayad ng Membership Fee na Isang daan Piso (P 100.00) at initial Share Capital na Isang Libong Piso (P 1,000.00).**

**MISYON:**

**Mapagkakatiwalaang samahang tutulong sa mga pangangailangan ng mga kasapi sa mababa at abot kayang patubo.**

**BISYON:**

**Isang kooperatibang may pagkakaisa, malasakit at tumutulong sa mga kasapi tungo sa matatag na pamayanan sa patnubay ng Poong Maykapal.**